

# Sigbin

Chuckberry J. Pascual

## Mga tauhan:

Bree – 35 - 40 yrs old, real estate agent  
Corinth – 35 - 40 yrs old, call center agent

*Sa sala at dining area ng isang one-bedroom apartment. May sofa sa gilid para sa mga bisita, at maliit na mesa. Sa gitna, may folding table, ilang monobloc chairs. May mga tsitsirya, mani, at yosi sa ibabaw ng mesa. Hindi makikita ang kuwarta, pintuan lang ito sa isang gilid.*

*Kumakain ng mani si Bree. Naghihintay. May maririnig na kaluskos mula sa loob ng kuwarta. Maririnig ito ni Bree, pero sadyang hindi papansinin. Pagkaraan ng ilang sandali, mawawala ang ingay. Tuloy lang siya sa pagkain ng mani.*

*Pagkaraan ng ilang sandali, may maririnig ulit na kaluskos. May sasama nang hybrid ng hingal na kahol ng aso at hagikgik ng hyena. Tatayo si Bree, sisilip sa bintana. Babalik sa mesa.*

Bree: *Nagpipilit maging kalmado. Parang nakikipag-usap sa bata. Sandali na lang. Konting tiis na lang.*

*Patuloy pa rin ang kaluskos at kahol/hagikgik. Mauubos ni Bree ang mani. Magbubukas siya ng isang tsitsirya, iyong maingay ang lalagyan at maingay ding kainin.*

Bree: *Mapupuno, sisigaw. Sinabi nang sandali! Matuto ka namang maghintay! Napapagod din ako! Babalik sa pagkain ng tsitsirya.*

*Tatahimik ang paligid. Pero babalik ito pagkaraan ng ilang sandali. Titingnan nang masama ni Bree ang kuwarto. Titigil ulit ang ingay, pero babalik pagkaraan ng ilang segundo. Ilang beses na magkakaroon ng ganitong palitan, hanggang may kumatok sa pinto ng bahay. Maririnig ang boses ni CORINTH, "Bree! Tulong!"*

*Bago tumayo, titingin muna si Bree sa direksiyon ng kuwarto. Parang tingin ng nanay na nagpapagalit sa bata. Titigil ang kaluskos at kahol/hagikgik. Bubukusan niya ang pinto ng bahay/patutuluyin ang bisita.*

*Papasok si CORINTH, may bitbit na dalawang plastic bag, isang naglalaman ng mga tsitsirya, at isang naglalaman ng mga bote ng beer. Nabibigatan siya pagbuhat ng supot ng beer.*

Bree: *Inis. Sa wakas!*

Corinth: *Sorry, Bree. Iaabot kay Bree ang supot ng mga beer. Tulong naman.*

Bree: *Aabutin ang supot, maglalakad pabalik na sa upuan. Maupo ka na. Start na tayo. Ilalapag ang supot ng beer sa mesa. Hihimasin ang sariling leeg, ilalabas ang mga pangil na parang bampira. Uhaw na ako.*

Corinth: *Alam ko. Lagi naman tayong uhaw kapag Biyernes. Titingala. O, alkohol! Paano na lang ang buhay kung wala ka? Tatawa. Ang daming tao, grabe. Ilalapag ang supot na hawak niya sa mesa. Uupo. Mapapansin ang mga supot ng tsitsirya na si Bree ang naghanda. O, ano yan?*

Bree: *Bumili na rin ako. Akala ko mang-i-indian ka, e.*

Corinth: *Sabi ko naman sa iyo, ako na ang pulutan.*

Bree: *Oo nga. Ikaw ang pulutan. Tatahimik.*

Corinth: *Ha?*

Bree: *Tao. Sabi mo kanina. Ilalakas nang bahagya ang boses. Maraming*

tao sa labas?

Corinth: Wala naman. Sa grocery 'yong maraming tao. *Mapapaisip. Bakit?*

Bree: *Magbubukas ng iba pang mga tsitsirya. Baka kasi magkakanta ka na naman diyan, kapag lasing ka na. Mabubulahaw na naman ang mga kapitbahay natin. Titikim mula sa mga bagong bukas na tsitsirya.*

Corinth: Sino, 'yong mga bagong lipat? Naku, kung sensitive sila, lumipat sila sa exclusive subdivision. Hindi 'yong dito sila sa Malabon uupa, tapos aastang parang taga-Loyola Grand Villas. Tseh. *Magbubukas ng beer, iinom.*

Bree: A, ganon ba yon, Corinth? Ako ba, hindi mo binulahaw last week?

Corinth: Kumakanta ka rin no'n, a.

Bree: Second voice lang.

Corinth: Second voice ka diyan. Sintunado ka kasi! *Iinom.*

Bree: Well, hindi yon ang sinabi ni Alejandro. *Ngingiti.*

*Hindi magsasalita si Corinth, titingnan lang niya si Bree. Iinom silang dalawa nang tahimik. Itataas ni Bree ang bote ng beer na hawak niya, akmang magto-toast. Titingnan niya si Corinth, naghihintay na mag-toast din ito. Titingin sa ibang direksiyon si Corinth.*

Bree: *Nakataas pa rin ang bote ng beer sa ere. Sige na. Para namang hindi natin ito ginagawa linggo-linggo.*

*Magpipigil sa simula pero ngingiti rin si Corinth. Itataas rin ang bote ng beer, iuumpog sa beer ni Bree.*

Corinth: Happy Friday! *Iinom.*

Bree: Happy Friday the 13<sup>th</sup>! *Iinom.*

Corinth: Huwag mo nang sabihin. Malas.

Bree: Friday the 13<sup>th</sup> nga, pero payday Friday naman. Patas lang.

Corinth: Puwes, ang suweldo ko, hindi patas. Lintek na Australian

account.

Bree: Akala ko ba, gusto mo ng day shift?

Corinth: Gusto ko naman. Parang schedule ng normal na tao ang schedule ko. Kaso mo, walang night diff.

Bree: Hindi mo naman kasi pinaghihirapan yon.

Corinth: *Australian accent.* Good day. How may I help you today? Oh? No worries, no worries. I'd be more than happy to assist you with your concern. Just a moment. *Balik sa ordinaryong boses.* Madali lang ba? Try mo, 90 times per hour. Tingnan ko kung hindi ka makapatay ng koala pagkatapos.

Bree: Sabagay. Hindi lahat ng naghihirap, may napapala. I should know.

Corinth: *Australian accent.* You bloody well know. *Ordinaryong boses.* Kumusta na ang paghahanap ng bagong tenants? Para sa landlord mo?

Bree: Landlord natin. At huwag ka ngang umarte. May pangalan siya.

Corinth: *Mangingiti.* O, sige. Kumusta ang paghahanap ng bagong tenants para kay Alejandro?

Bree: May nag-reply na sa ad. Dalawa. Finorward ko na kay Alejandro ang mga number. Malamang, lilipat na ang mga 'yon this week. Dalawang units na lang ang hahanapan ko ng bagong tenants.

Corinth: Kulang pa ba ang nakukuha mo sa real estate?

Bree: Sapat naman. Iniisip ko na lang, extra income. Saka alam mo na, para sa kaibigan.

Corinth: May narinig ako tungkol sa kaibigan mo.

Bree: Ano?

Corinth: Ang tindi. *Inom ng beer.*

Bree: Ano nga?

Corinth: Ayoko na lang masyadong isipin. *Titigil.* Kasi una, alam ko, kaibigan mo. Saka minsan lang naman akong magkagusto nang ganito, Bree. Alam mo 'yan. *Inom ng beer.*

Bree: Ows. Ang landi-landi mo, e.

Corinth: Ulol.

Bree: Hindi ba ikaw ang may listahan ng mga lalaki? *Kakain ng tsitsirya.*

Corinth: Siguro, hanggang mag-otsenta ako at mag-isa pa rin, isusumbat mo pa rin sa akin na nagkaroon ako ng dalawang ex minsan sa buhay ko.

Bree: Oo nga. O, kumusta si ex number one? Si Gary? Akala ko ba, nakikipagbalikan?

Corinth: *Bubuntong-hininga.* Ayon, sugarol pa rin. *Iinom ng beer.* Hayop na 'yon. Mas malaki ang suweldo sa akin, pero lagi akong inuutangan. Tapos ngayon, may text-text pang nalalaman. Ang kapal! Gusto ko ngang ipaalala na hiniwalayan ko siya dahil ninakaw niya 'yong relo ko.

Bree: Yuck, magnanakaw! E 'yong isa pa, sino nga ba 'yon? 'Yong may kotse. *Iinom ng beer.*

Corinth: Si Cyrus.

Bree: Sa kuwento mo, mabait din 'yon. Guwapo pa.

Corinth: 'Yon namang isang 'yon, may kotse daw. Pero tuwing nagkikita kami, kundi nasa pagawaan, may humiram, o kaya naman color-coding. Ang bagal pang bumunot kapag bababa na kami ng taxi.

Bree: Yuck, sinungaling na kuripot! The worst kind.

Corinth: Pero itong si Alejandro...iba.

Bree: I know.

Corinth: Kaso...tsk, tsk. *Iiling-iling. Iinom ng beer.*

Bree: *Exasperated.* Itatanong ko ulit. Ano 'yong narinig mo?

Corinth: Change topic na lang. *Iinom ng beer.*

Bree: Sige na.

Corinth: Wala.

Bree: Corinth. Ano ba.

Corinth: Nakakatakot. *Hahalukipkip, parang kinikilabutan.*

Bree: *Tatahimik.* Ano ba 'yon?

Corinth: Bree, alam ko, kaibigan mo siya.

Bree: Kaibigan rin kita.  
Corinth: Bree.  
Bree: OK. Alam mo, nakita ko kahapon ‘yong classmate ko no’ng Grade Two, ‘yong anak ng tindera ng nilupak, ‘yong minsang hinagad ng saksak ng siga sa barangay namin dahil hindi isinoli ‘yong hiniram niyang betamax tape ng pelikula ni Kring-kring Gonzales—  
Corinth: Eto na. Sasabihin ko na.

*Hindi sasagot si Bree. Iinom lang ng beer, titingnan si Corinth.*

Corinth: *Bubuntong-hininga.* Aswang daw si Alejandro.  
Bree: *Halos maidura ang beer.* Aswang?!  
Corinth: Oo.  
Bree: Aswang as in, aswang?  
Corinth: Oo nga.  
Bree: As in, may kapangyarihan na maging hayop?  
Corinth: Oo.  
Bree: As in, kumakain ng laman-loob ng tao?  
Corinth: Oo.  
Bree: As in, takot sa asin, takot sa agua bendita, takot sa krusipihon, ‘yong hinahabol ng taumbayan para patayin?  
Corinth: Oo, oo, oo, oo.  
Bree: *Hahalughugin ang mga tsitsirya sa mesa, magpa-panic.* Bakit wala tayong Boy Bawang dito?  
Corinth: Hindi naman masarap yon.  
Bree: *Mapapaisip.* Sabagay. *Babalik sa pagkatakot.* As in, si Alejandro? Aswang si Alejandro?  
Corinth: Oo nga, Bree!  
Bree: OK. *Aagawin ang beer ni Corinth.* Alis ka na. Good night!  
Corinth: *Kukunin ulit ang beer.* Makinig ka muna sa akin.  
Bree: Ginagago mo ako, e.  
Corinth: Makinig ka muna. *Titigil.* Hindi mo ba naisip kung bakit ganito

- kayaman si Alejandro?
- Bree: *Mag-iisip.* Di ba siya ang may-ari ng buong building na to? Ilang units nga ulit meron dito? Twenty?
- Corinth: ‘Yon na nga. Mayaman siya dahil—
- Bree: Maraming-marami siyang apartments?
- Corinth: Bakit hindi siya nauubusan ng tenants?
- Bree: Prime spot ang location ng building pero mura ang renta?
- Corinth: *Titingin sa paligid, parang natatakot na may makarinig.* Dahil sa alaga niya. ‘Yong alaga daw ni Alejandro ang nagdadala ng suwerte.
- Bree: Aaa. Ikaw, ha. *Mangingiti.* In fairness, parang malaki ang alaga ni Alejandro.
- Corinth: Anong parang? Malaki talaga.
- Bree: Nakita mo na ang alaga niya?
- Corinth: Ikaw ba, hindi pa?
- Bree: *May hinanakit.* Hindi pa.
- Corinth: Ikaw? Ikaw, hindi pa? Wow! Sa lahat naman ng tao? Ikaw pa?
- Bree: Sige, diin mo pa.
- Corinth: *Mag-iisip.* May point ka. Nakakulong naman kasi parati ‘yong alaga niya.
- Bree: Pinakawalan ba niya sa harap mo?
- Corinth: Hindi. Ang narinig ko, sa gabi lang daw pinapakawalan.
- Bree: Gusto mo, abangan natin?
- Corinth: Ayoko nga! Kagatin pa ako no’n.
- Bree: *Tatawa.* Hindi nangangagat ‘yon, gaga. Nanunuklaw.
- Corinth: Tanga! Aso, nanunuklaw? *Tatawa.*

*Hindi agad makakasagot si Bree. Makikita sa mukha niya ang kaba. Sa pagpapatuloy ng usapan, mapapansin ang pagtingin-tingin niya sa direksiyon ng kuwarto.*

- Bree: May tama ka na, no? *Kakain ng tsitsirya.*
- Corinth: Kaibigan mo rin ako, di ba?

Bree: *Kausap ang hangin.* Lasing na nga siya.

Corinth: Kaibigan mo rin ako, di ba?

Bree: *Exasperated.* Oo naman.

Corinth: Kung papipiliin ka, sino ang pipiliin mo? Ako o si Alejandro?

Bree: Para kang tanga.

Corinth: Sige na. Sino?

Bree: *Mag-iisip.* Hindi ako tomboy.

Corinth: Wala namang masama sa pagiging tomboy.

Bree: Sinabi ko bang meron?

Corinth: E sa pagiging aswang, may masama ba?

Bree: Kapag inuulit-ulit mo ang isang bagay nagiging totoo.

Corinth: Umamin ka na. Alam mong aswang si Alejandro.

Bree: Akala ko ba, may gusto ka sa kaniya?

Corinth: Oo nga.

Bree: E ano 'yang inaaswang-aswang mo diyan?

Corinth: Wala. Malas ako, e. Minsan na lang akong magkagusto nang ganito, sa aswang pa! *Tatayo si Corinth, maglilibot-libot sa sala. Mapapalapit sa pintuan ng kuwarto.* Malas talaga! *Maiiyak.*

Bree: *Hihilahin si Corinth palayo sa kuwarto, pabalik sa mesa.* Buhay ka pa, di ba? *Titigil, hahawakan si Corinth sa balikat, tititigan.* Suwerte ka!

Corinth: Sinong may sabi sa iyo? Patay na ako! Matagal na akong patay—

Bree: *May halong galit.* —na patay na patay na patay kay Alejandro!

Corinth: *Tatahimik.* Shet. Bakit kapag ikaw ang nagsasabi, parang ang sama-sama?

*Hindi sasagot si Bree. Bibitiwan si Corinth, uupo ulit. Inom ng beer.*

Bree: Alam mo, naiintindihan naman kita, e. Sino ba naman kasi ang hindi magkagusto kay Alejandro? *Maglilitanya sa hangin.* Galing sa mayamang pamilya, magaling sa negosyo—

Corinth: Pero hindi mayabang!



Bree: —mabait sa bata, magalang sa matanda, gentleman sa babae—  
Corinth: Sa bakla rin!  
Bree: —moreno, balbon, ang laki ng braso—  
Corinth: Sexy ang bigote!  
Bree: —matigas ang hita, malaki ang paa, kaya malaki rin ang—

*Titigil si Bree, magtitinginan sila ni Corinth, saka sabay na bubunghalit.*

Bree at Corinth: Sapatos! *Maghahagikgikan.*

Bree: Lasing ka na talaga.

Corinth: Hindi pa kasi ako naghahapunan. *Titigil. Magbi-beautiful eyes.* May sinabi na ba siya sa iyo?

Bree: *Mag-aatubili bago magsalita.* Interesado talaga sa iyo.

Corinth: *Ngingiti, magdi-daydream.* Ano kaya ang pakiramdam ng maging asawa ng aswang?

Bree: Sa tingin mo, alam ko?

Corinth: Hindi. Hindi ka naman aasawahin kahit ng aswang, e. *Tatawa.*

Bree: Oo na. Pati sa mga aswang, hindi ako maganda. *Iinom.*

Corinth: Ayon. Tinamaan ng drama.

Bree: Bakit, ikaw lang ba ang may karapatang mag-moment? *Iinom.* Oo na, sugarol ang ex mo. Sinungaling ang ex mo. Puwes, Corinth. Sagutin mo ako: sino ba ang walang masamang karanasan sa pag-ibig, ha? Sino? Sino?

Corinth: Alam ko naman ‘yan, Bree. Lahat naman tayo—

Bree: Ako! Ako lang ang walang masamang karanasan! Dahil wala pang nagmahal sa akin! Kahit isa! Lahat sila, tinulungan ko, lahat sila ibinigay ko ang buong mundo ko. Pero ang masakit don, ang pinakamasakit don, lahat sila, frienzone lang ako!

*Hindi sasagot si Corinth. Iinom lang.*

Bree: Alam mo ba ‘yong feeling ng ma-frienzone? Para kang inimbata sa lunch pero hindi ka pinapakain! Para kang

inimbitahan sa isang awards night, pero hindi ka papanalunin! Kahit anong ganda ng gown mo sa red carpet, kahit ikaw na lang mag-isa ang nominee, hindi mo pa rin makukuha ang award! Alam mo ba kung gaano kasakit ‘yon, ha? Ikaw na lang ang nominee, pero hindi mo pa kayang talunin ang sarili mo! Ang sakit no’n! Sobra! Pakshet!

Corinth: Bree.

Bree: Bree mong mukha mo!

Corinth: Huwag naman.

Bree: Huwag mo akong pagmamalakihan! Dahil ako, kahit sugarol, kahit sinungaling, puwede na! Basta hindi ako kakaibiganin! Ayoko na ng friends! Gusto ko naman ng boyfriends! *Maiiyak.*

Corinth: Boyfriends?

Bree: I need to catch up!

Corinth: Kahit aswang?

Bree: Aswang as he loves me! *Iinom ng beer.*

Corinth: Aha! Lasing ka na rin! *Australian accent.* Let’s toast to that!

*Magto-toast silang dalawa. Mauubos na ni Bree ang laman ng bote niya. Magbubukas siya ng bagong bote.*

Corinth: Kaya mo ngang magmahal ng aswang?

Bree: Ganon ba talaga kadesperada ang tingin mo sa akin? O talagang ipinanganak ka lang na bastos?

Corinth: E kasasabi mo lang? *Gagayahin si Bree.* Aswang as he loves me.

Bree: Maganda lang kasing pakinggan, gaga.

Corinth: Bree, seryoso. Aswang si Alejandro, di ba?

Bree: Kung aswang siya, aswang rin ako.

Corinth: Tindi mo ring dumepensa sa alaga mo, ‘no?

Bree: Akala ko ba si Alejandro ang may alaga?

Corinth: Oo nga.

Bree: Nakita mo na ba? Baka parang kotse ng ex mo ‘yan, ha.

Corinth: Pangit ‘yong asong yon. Masyadong mahaba ang mga hita.

- Tuyot na tuyot ang mga balahibo. Namamaga ang nguso. May pangil pa yata akong nakita.
- Bree: Hindi ka lang sanay sa mga imported na aso. Hindi mo kilala ‘yong breed.
- Corinth: Alam mo, ngayong binabalikan ko, hindi aso ‘yon, e. Parang ano, ano nga bang hayop yon? *Mag-iisip nang ilang segundo. Australian accent.* Right! A bloody kangaroo, mate! A bloody kangaroo!
- Bree: Alam mo, kapag ipinagpatuloy mo pa yan, duduguin ka na talaga sa akin.
- Corinth: *Magkikibit-balikat.* ‘Yon talaga ang nakita ko. Asong mukhang kangaroo. *Mag-iisip* Sandali. Parang mukha ring kambing? Saka sobrang baho. Amoy sunog na tae. Nakakasuka.
- Bree: Kanina, aso. Tapos naging kangaroo. Tapos naging kambing na amoy taeng sunog. Ano ba talaga?
- Corinth: Basta! Hindi ordinaryong aso ‘yon. Sigurado ako.
- Bree: *Mag-iisip nang ilang segundo. Mapapatingin sa direksiyon ng kuwarto.* Matagal mo nang nakita yan, no?
- Corinth: Oo.
- Bree: *Mahina, mas kinakausap ang sarili.* Sabi ko na.
- Corinth: Paano mong nalaman?
- Bree: Hula ko lang. *Mapapatingin sa direksiyon ng kuwarto, inis.* Paano mong nakita?
- Corinth: Ni-report ko ‘yong dingding sa unit ko. Natutuklap na kasi, parang nagkaroon na ng lungga. Baka ‘kako pamahayan ng daga. Pumunta ako sa unit ni Alejandro. Pagbukas niya ng pinto, nakita ko, nando’n sa sala. *Titigil.* Nakakulong, pero ‘yong kalahati ng kulungan, nasa may bandang likod ng sofa. No’ng nakita ni Alejandro na nakatingin ako, sa labas ako kinausap.
- Bree: Bakit di ka nagtanong?
- Corinth: Ano naman ang itatanong ko? Bakit mukhang kangaroo ni Satanas ‘yang aso mong saksakan ng baho? *Titigil.* Saka pinaayos naman kaagad ‘yong dingding ko. Kinalimutan ko na lang.

*May maririnig na kaluskos sa kuwarto.*

Corinth: *Magugulat. Narinig mo 'yon?*

Bree: Sssshh. May mabait ako.

Corinth: Ano?

Bree: Mabait. *Aarteng parang daga.*

Corinth: Aaah, daga.

Bree: Ssshhh!

Corinth: E di patayin mo.

Bree: Huwag mo na lang pansinin. *Haharap sa pinto ng kuwarto, parang bata ang kausap.* Mabait, sandali na lang, ha? Don't worry, marami kang makakain tonight. *Patutunugin ang mga lalagyan ng tsitsirya.*

Corinth: Ano 'yon?

Bree: Conversation.

*Mawawala ang kaluskos.*

Bree: See?

Corinth: *Iirap.* Traydor ang mga 'yan.

Bree: *Iinom ng beer. Kukuha ng pakete ng mani, iaabot kay Corinth.* Kain ka muna. Para may laman 'yang bibig mo.

*Tahimik silang magkukukot ng mani, iinom ng beer.*

Corinth: *Mahina ang boses, parang sarili lang ang kausap.* Hindi raw naghihirap ang mga aswang na may alagang sigbin.

Bree: Alagang ano?

Corinth: Sigbin. 'Yon daw ang tawag sa alaga ng aswang. Hindi rin daw nagugutom ang mga amo ng sigbin, dahil ang sigbin ang naghahanap ng pagkain para sa kanila.

Bree: Wait. Namamalengke 'yong aso?

Corinth: 'Yong sigbin ang naghahanap ng biktima. Pinapatay niya, tapos

- dinadala sa amo niya.
- Bree: Aaa. Kaya pala nakakasulasok ang hangin sa unit ni Alejandro. May kangaroo na, may mga bangkay pa! Akala ko dati, paa niya lang ‘yon.
- Corinth: Bree, aminin mo. Masyadong madalas ang pagpapalit ng mga kapitbahay natin. Matagal na ‘yong isang buwan.
- Bree: Anong tawag mo sa akin?
- Corinth: Bakla?
- Bree: Ibig kong sabihin, ilang taon na ba akong umuupa rito?
- Corinth: Matagal ka nang umuupa. *Mag-iisip*. Upador?
- Bree: E ikaw? Hindi ba galing ka na sa ibang apartment?
- Corinth: Oo.
- Bree: Nagmamalinis ka pa, upa ka rin naman nang upa! Upadora!
- Corinth: Isipin mo. Nasaan na ‘yong mga kapitbahay natin? May nakita ka bang umalis? Di ba, ang nakikita lang natin, ‘yong mga nagmu-move in? Kahit isa, wala tayong nakitang nag-move out?
- Bree: Move in? Move out? Move on, Corinth! Kaya mo ‘yan!
- Corinth: Pupusta ako, itong mga kapitbahay natin ngayon, oo, itong mga kalilipat lang—
- Bree: Sino, ‘yong mga nagreklamo sa pag-iingay mo?
- Corinth: Pustahan tayo, mawawala rin ang mga ‘yan.
- Bree: Kung mawawala ang mga ‘yan, dahil sa sobrang ingay mo kapag nalalasing ka.
- Corinth: Mawawala rin ang mga ‘yan dahil kukunin rin sila ng sigbin.
- Bree: Corinth, ang mga hindi na makabayad ng renta, sa gabi naglilipat. Hindi na sila nagpapaalam kahit kanino, kasi nahihiya sila. At lalong hindi sila magpapaalam sa iyo, kasi hindi ka naman nila kilala.

*May kakaluskos ulit sa kuwarto.*

Bree: *Magsasalita ulit na parang bata ang kausap.* Sandali na lang, mabait. Sandali na lang. Ang bait-bait n'yan, marunong 'yang maghintay.

Corinth: Bakit ba pinapakisamahan mo 'yang hayop na 'yan? *Sisigawan ang pintuan ng kuwarto.* Hoy, daga! Lumabas ka nga rito! Kapag hindi ka pa lumabas diyan, ipapakidnap kita sa pusakal!

*May kakaluskos ulit. Galit, agresibo.*

Corinth: Aba, sumasagot! Sinabi nang lumabas ka na diyan! *Lalapit sa kuwarto, akmang bubuksan ang pinto.*

Bree: *Magagalit. Tatayo, pipigilan si Corinth, pauupuin.* Tumigil ka nga! Hindi naman ikaw ang gagantihan! Maupo ka!

Corinth: *Susunod kay Bree.* Natatakot ka sa daga?

Bree: Ikaw ba ang ngangatngatin, ha? Damit mo ba, ha?

Corinth: Bree, hayop 'yan. Walang isip 'yan.

Bree: 'Yon ang akala mo.

Corinth: Patayin kaya natin? Mas close ka naman sa akin, di ba? Tulong tayo. Sige na. Bubuksan ko na 'yong pinto.

Bree: Ikaw ang papatayin ko, e. Nagpipigil lang ako sa iyo kanina pa.

Corinth: Talagang mas pinipili mo ang hayop na 'yan kesa sa akin?

Bree: Bakit ba ang kulit mo? Kaya walang magpakasal sa iyo, e!

Corinth: *Matitigilan. Mahina ang boses.* Kasama ka rin ba nila, Bree? Akala ko, kakampi kita.

Bree: Hindi ko alam ang sinasabi mo.

Corinth: Kaya nga hindi na ako umuuwi sa amin. Sumama na ang loob ko sa pamilya ko. Actually, kahit sa salita, sumama na rin ang loob ko. Pakinggan mo, "matandang dalaga." Objective naman siya. Pero parang may judgment pa rin. Matandang dalaga. Shet, di ba? Mas OK pa nga 'yong English, "spinster." At least 'yon, konti lang ang nakakaalam. Saka parang laging may ginagawa. Ikot siya nang ikot. Busy girl. E 'yong matandang dalaga? Parang nilalagay sa estante. Parang inaalikabok na poon. Putangina. *Titigil.* O, buti pa nga ang putangina, may

kasama sa buhay. Puta nga, may anak naman. May mag-aalaga sa kaniya sa pagtanda niya. Magpuputa na lang din ako.

Bree: *Mahina ang boses.* Hindi bagay sa iyo.

Corinth: Pati nga ‘tong pagtira ko sa apartment nang mag-isa, ayaw nila. Kaya kong buhayin ang sarili ko, Bree. Oo, hindi ko kailangan ng lalaki. Pero hindi naman ibig sabihin no’n, ayoko na ng lalaki. Ayoko namang alikabukin ang— *Titingin sa ibaba.*

Bree: *Mapupuno, magtataas ng kamay para umawat.* Corinth! Please lang!

Tahimik silang pareho.

Bree: Hindi ba, nakadalawang boyfriends ka naman? Siguro naman, nakatikim ka naman ng ano.

Corinth: Ng ano?

Bree: Ng love?

Corinth: Sapat na ba ‘yong pagtikim lang? Hindi naman nawawala ang gutom. Lumalabas lang ‘yon ng katawan, tapos ayan na naman.

Bree: Gutom ka ba ngayon?

Corinth: Oo.

Bree: *Mapapatingin sa sariling katawan.* Sorry, hindi kita matutulungan.

Corinth: *Titingnan si Bree mula ulo hanggang paa.* Hindi ko ikamamatay. *Inom ng beer.*

Bree: Speak for yourself. Ikamamatay ko ang gutom!

Corinth: Hindi ko ikamamatay kung walang lalaki. Kasi, lalaki ang papatay sa akin! Tingnan mo, kundi sugarol, sinungaling. Tapos ngayon, aswang! Ang galing-galing kong pumili. At ikaw! Ang galing-galing nating pumili! *Pipiliting mag-toast si Bree.* Toast naman diyan!

Bree: *Makikipag-toast.* *Mahina ang boses.* Hindi ka tatanda, Corinth.

Corinth: Ano?

Bree: Hindi ka tatandang mag-isa. Kung ‘yan ang ikinakatakot mo.

Corinth: *Inom ng beer.* Ikaw, Bree. Hindi ka ba natatakot?

*May kakaluskos, pero mawawala rin agad. Maririnig nilang dalawa pero walang papansin.*

Bree: Saan?

Corinth: Sa mga ginagawa mo.

Bree: *Tititigan si Corinth.* Sanayan lang.

*Hindi sasagot si Corinth. Inom lang ng beer.*

Bree: Mahal ka niya.

Corinth: Tatlong buwan na kaming mag-on.

*Hindi sasagot si Bree.*

Corinth: Sorry, sa akin mo pa nalaman.

*Hindi sasagot si Bree.*

Corinth: Alam ko na lahat, Bree. ‘Yong Amerikanong Jehovah’s Witness? ‘Yong hinampas mo ng tubo? Nakita ko ‘yon. At ‘yong iba pa. ‘Yong mag-nanay. ‘Yong bagong kasal. ‘Yong matabang babae na pinaghihinalaan nating kabit.

Bree: *Tahimik.* Bakit hindi ka nagsumbong sa pulis?

Corinth: Noong una, inisip ko ‘yan. Pero nagkakilala na tayo noon. Nagkakuwentuhan. Nang lumipas ang isang buwan, hindi mo pa rin ako ginagalaw, at naging regular na ang inuman natin, naisip kong hindi mo ako kayang patayin. Na ayaw mo akong patayin. *Titigil.* Natuwa ako sa idea na yon, Bree. Saka sinabi ko rin sa sarili ko, kapag napagod na ako, ibibigay ko na lang ang sarili ko sa iyo. Papakiusapan kitang patayin ako.

Bree: Tinutulungan ko lang si Alejandro.

Corinth: Tinutulungan din naman kita, e. ‘Yong mga kamag-anak ng mga pinatay mo, kapag pumupunta rito at naghahanap,



nililigaw ko. Sinasabi ko, umalis nang hindi nagpapaalam ang kamag-anak nila. Tinutulungan kita, kasi kaibigan kita.

*Hindi sasagot si Bree.*

Corinth: Kailangan mo nang itigil ito, Bree. Tama na.

Bree: Paano si Alejandro?

Corinth: Kalimutan mo na siya.

Bree: *Mapapatingin sa direksiyon ng kuwarto.* Ah, tama. Dahil may bago nang tutulong sa kaniya, wala na akong kuwenta. Wala na akong silbi. At ikaw! Makakatikim ka na ulit. Ay, correction. Nakakatikim ka na pala ulit. Ano ba naman ang pagkakaibigan natin? Kung sa ikawawala naman ng gutom mo.

Corinth: Hindi naman sa gano'n, Bree.

Bree: Hindi sa gano'n? E saan? Sa ganito? Napakarami ko nang pinatay para sa kaniya, tapos ganito? Akala n'yo ba, madaling kalimutan ang sangsang ng dugo? Ang mukha ng tao bago siya takasan ng buhay? Ilang taon na akong hindi nakakatulog nang matino dahil sa tuwing ipinipikit ko ang mga mata ko, napupuno ng bangkay ang kuwarto!

Corinth: I'm sorry, Bree. Kaya nga gusto kong itigil mo na.

Bree: Paano si Alejandro?

Corinth: Ako na ang bahala rito. Ayokong madamay ka pa.

Bree: *Tatahimik.* Ako na ba ang magmu-move out ngayong gabi?

Corinth: Tutulungan kitang mag-empake.

*Kusang bubukas ang pinto ng kuwarto. May lalabas na malaking daga. Dire-diretso ito papunta kay Corinth. Mapapasigaw ang babae, pagbababatuhin niya ito ng kung ano-anong bagay na madadampot. Sa gitna ng pagwawala ni Corinth, sisigaw si Bree, "Sandali! Sandali lang! Ako na ang bahala!" Babalik ang daga sa loob ng kuwarto.*

Corinth: Ano ‘yon?!

Bree: Ano sa tingin mo, giraffe? Sinabi ko naman sa iyong may mabait ako!

Corinth: Napipikon na ako sa dagang ‘yan, e! *Huhubarin ang isang sapatos at susugod sa kuwarto.*

*Pipigilan siya ni Bree, hihilahin at tatakpan ang bibig. Magtititigan sila. Matagal.*

*Dadapo ang pang-unawa kay Corinth. Mabibitiwan niya ang sapatos. Dahan-dahan siyang tatango. Aalisin ni Bree ang kamay sa bibig ni Corinth. Aabutan niya ng isang bote ng beer ang babae, pagkuwa’y dadampot din ng isa para sa sarili. Sesenyas si Bree kay Corinth na huwag gumawa ng kahit anong ingay.*

*Mula sa loob ng kuwarto, maririnig ang kaluskos at kahol ng aso/hagikgik ng hyena. Mas malakas na ito ngayon, mas agresibo.*

Bree: *Magsasalita na parang may kausap na bata. Sandali na lang. Titigil. Titingin kay Corinth. Tatayo, lalapit sa kuwarto. Sabi ko naman sa iyo, marami kang makakain ngayon, di ba? Sesenyas kay Corinth.*

*Sabay na papasok ng kuwarto sina Bree at Corinth.*

*Pagpasok nila sa loob, maririnig ang sigaw nilang dalawa, tunog ng mga boteng nababasag, gamit na tumitilampon, tahol ng asong galit, igik ng asong nasasaktan.*

*Pagkaraan ng ingay, may maririnig na naghihingalong mga boses.*

*Dilim.*